


Pandemic EBT-Program



Isang bagong programa para sa mga pamilya na may mga anak na nakatanggap ng libre o nabawasan-ng-presyo na pananghalian sa paaralan

Ibinibigay ng Pandemic Electronic Benefit Transfer Program (P-EBT) ang temporaryong ayuda na pera para sa mga pamilya na nangangailangan ng pang-emerhensiyang pagkain sa panahon ng pandemic.

Hindi kailangang mag-aplay ang mga kuwalipikadong pamilya upang makatanggap ng mga benepisyo sa P-EBT.

Ang mga pamilya na tumatanggap ng benepisyo sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) ay magkakaroon ng dagdag na benepisyo na mairadagdag sa kanilang Kokua Card

Ang mga karagdagang benepisyong ito ay maaaring gamitin katulad ng paggamit ng mga pamilya ng kanilang Kokua Card upang makabili ng pagkain. Ang mga benepisyo sa P-EBT ay maaari ring gamitin sa programang Da Bux.

Magkaano ang makukuha ng mga pamilya?

Ang isang kuwalipikadong estudyante ay maaaring makatanggap para sa **March: \$80; April: \$147; May: \$133 sa kabuuan ay:**

\$360. Ang halaga na tatanggapin ay depende sa buwan na kung kailan ang kuwalipikadong estudyante ay nakaenrol para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng March, ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap para sa lahat na 3 buwan. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng April, ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap para sa April at May. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng May ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap para lamang sa May. Ang mga benepisyo sa P-EBT para sa bawat kuwalipikadong estudyante ay mailalagay sa hawak ng pamilya na Kokua Card ng di lampas sa unang linggo ng July.

Ang mga pamilya ay makatatanggap ng sulat na magsasabi kung magkaano ang tatanggapin nilang mga benepisyo sa P-EBT at kung sino ang mga kuwalipikadong estudyante sa pamilya.

Ang mga pamilya na hindi tumatanggap ng mga benepisyo sa Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP) ay makakakuha ng Hawai'i P-EBT Card sa pamamagitan ng koreo

Ang Hawai'i P-EBT Card ay maibibigay sa pangalan ng pinakamatandang estudyante sa sambahayan. Ang mga benepisyo para sa lahat na kuwalipikadong batang nag-aaral sa tahananang iyan ay mailalagay sa ganitong P-EBT Card.

Bago nila matanggap ang kanilang kard, ang mga pamilya ay makatatanggap ng sulat mula sa Department of Human Services na magpapaliwanag kung paano nila gagamitin ang kanilang Hawai'i P-EBT Card at iba pang impormasyon tungkol sa mga benepisyong tulong na pagkain. Itong Hawai'i P-EBT Card ay maaaring gamitin para sa mga pagkain lamang. Ang mga pagkain ay kailangang personal na bilhin sa isang tindahang SNAP. Ang Hawai'i P-EBT Card ay maaaring iba ang itsura kaysa sa Kokua Card, ngunit ang kard at ang mga benepisyo ay magagamit katulad sa Kokua Card.

Magkaano ang makukuha ng mga pamilya?

Ang isang kuwalipikadong estudyante ay maaaring makatanggap para sa **March: \$80; April: \$147; May: \$133 sa kabuuan:**

\$360. Ang halaga na tatanggapin ay depende sa buwan na kung kailan ang kuwalipikadong estudyante ay nakaenrol para sa libre o nabawasan-ng-presyo na pagkain. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng March, ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap para sa lahat na 3 buwan. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng April, ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap para sa April at May. Kung siya ay nakaenrol sa buwan ng May ang kuwalipikadong estudyante ay makatatanggap lamang para sa May. Ang mga benepisyo sa P-EBT para sa bawat kuwalipikadong estudyante ay mailalagay sa Hawai'i P-EBT Card sa maagang bahagi hanggang sa kalagitnaan ng July.

Ang mga pamilya ay makatatanggap ng sulat na magsasabi kung magkaano ang tatanggapin nilang mga benepisyo sa P-EBT at kung sino ang mga kuwalipikadong estudyante sa pamilya.